



Tungkol sa Kalusugan

Mga Droga (Dormi o Button) at Gamot na Laban sa HIV

Ang paggamit ng mga drogang panlibangan o dormi ay naging popular nitong nakalipas na ilang taon. Narito ang ilang bagay tungkol sa paggamit ng mga droga o dormi na maaring makaapekto sa impeksiyong HIV at sa pangagamot nito:

- May mga droga o dormi na nakapagpapahina sa immune system, at nagpapabilis sa paglala ng sakit na HIV.
- Ito'y maaring makaapekto sa iyong kakayanang magpatuloy ng paggagamot, nadaragdagan ang panganib na ang HIV ay magka resistensya sa mga gamot, at sa pagpalya ng paggagamot.
- Ito'y maaring magpababa ng inhibisyon at makaapekto sa iyong kakayanang magpractice ng safe sex.
- Dahil sa iisang grupo ng kemikal o enzymes ang nagme-metabolize (o nagpoproseso) sa droga (o dormi) at mga gamot laban sa HIV, nagkakaroon ito ng interaksyon pag ginamit na magkasabay. Maaring pataasin o pababain nito ang dami ng gamot sa HIV, o ng droga, na siyang makasasama o ganundin maging sanhi ng pagkamatay.

Mga pangkaraniwang droga o dormi at kanilang interaksyon sa gamot laban sa HIV:

Ecstasy/MDMA

Ang Ecstasy (E o X) ay isang droga na may lamang kemikal na tinatawag na MDMA. Ito'y nag-iistimula ng mga sentido, nagpapababa ng inhibisyon o nakakapagpawala, nagbibigay ng lakas o sikad, at maaring magdala ng halusinasyon. Nagiging dahilan ito ng panunuyo o dehydration, sakit ng ulo, pangangatog, pagkabalisa, panlalabo ng paningin at pananakit ng tiyan. Ang lahat ng protease inhibitors, lalo na ang ritonavir (Norvir) at efavirenz (Sustiva) ay nakapagpapalakas sa dami ng ecstasy sa dugo. Mayroon nang nai-ulat na isang namatay dahil sa interaksyon ng mga drogang ito.

Crystal Meth (methamphetamine)

Ang metamphetamine (crystal meth, ice, kristal, yaba, tina) ay sintetik na anyo ng amphetamine, isang drogang nagpapaistimula o nagpapasigla. Ito'y nagpapaakala na ang mga sentido mo ay malakas at matalim, nagpapalibog, at nagpapataas sa init ng katawan, sa tibok ng puso at sa paghinga. Maaring magdala ito ng paranoya, memory loss, mood swings at matinding pagkagalit. Ang kristal meth ay malakas magpa-adik. Ang paggamit nito kasama ng protease inhibitors, laluna ang ritonavir ay maaring maging sanhi ng peligrong pagtaas sa level ng kristal meth. Ang paglanghap ng poppers ay malakas ring magpataas sa level at epekto ng kristal meth.

Ketamine

Ang Ketamine (Special K) ay malakas na anestetik. Ito'y drogang dissociative na nabibigay ng lutang na sensasyon o paghiwalay ng kaisipan sa katawan. Pag marami ang nainom nito, ang



tibok ng puso ay nagiging di regular, nahihirapang huminga at nawawalan ng malay. Ang protease inhibitors (Norvir), lopinavir ritonavir (Kaletra) at nelfinavir (Viracept) ay pareparehong nagpapalakas sa bisa ng Special K pati na ng mga peligrong epekto nito. Ang Special K ay nagpapataas din ng level ng efavirenz (Sustiva) sa dugo.

Cocaine / Crack

Ang cocaine ay drogang pampaistimula na nanggagaling sa dahon ng punong coca sa South America. Ang cocaine ay hindi name-metabolize sa katawan na kagaya ng gamot laban sa HIV kaya lumalabas na walang malalang interaksyon ang mga ito. Ganumpaman, ang matagalang paggamit ng crack cocaine ay maaring magdala ng matinding nerbyos, depression, malnutrition at pagkahulog ng timbang, na nagpapababa sa immune system ng katawan.

Marijuana

Ang marijuana (cannabis, weed, pot) ay nanggagaling sa tanim. Umaapekto ito sa central nervous system at nagdadala ng panlulumo, pagkahinahon, nag-i-istimula ng sentido gaya ng gana sa pagkain, at nagbibigay ng lunas sa pananakit. Ito'y sumasagabal sa koordinasyon at nagiging sanhi ng nerbyos at paranoya. Wala pang nakikitang tiyak na interaksyon ang marijuana sa mga gamot laban sa HIV. Ganumpaman, may ilang pagsasaliksik na nagsasabing ang matagalang paggamit ng marijuana ay nagpapalala sa mga sakit sa pulmon, sakit sa puso, kanser sa bibig, lalamunan at baga.

Alkohol

Ang alkohol ay depressant sa central nervous system at karaniwang nagpapahinahon sa katawan at nagdadala ng panlulumo. Walang direktang interaksyon ang alkohol at karamihan ng kagamutang laban sa HIV – maliban na lamang sa abacavir (Ziagen), na naroon nang ang katumbas ng abacavir na pumapasok ay tumataas ng 41% sa mga kalalakihan. (Hindi pa ito napagaaralan sa mga kababaihan.) Ganumpaman, ang matagalang pag-inom ay nakasisira sa atay at nakaaapekto sa kakayanan nitong mag metabolize (o magproseso) sa karamihan ng gamut laban sa HIV, tuloy naaapektuhan ang level ng kagamutan sa katawan. Mayroon nang katunayan na ang regular na paginom ng alak o alkohol ay kasama ng pagpalya sa pag-inom ng mga kagamutang laban sa HIV.

Poppers

Ang poppers ay drogang base sa nitrite. Ang amyl nitrite naman ay gamot na ginagamit para ang mga blood vessels ay bumuka at magpalakas ng agos ng dugo tungo sa puso. Dahil dito ang dugo ay rumaragasa tungo sa utak, nagpapabilis ng tibok ng puso at nagpapahinahon sa ilang mga kalamnan. Bilang drogang panlibangan naman, ito'y likodo na maaring langhapin ang simoy. Wala pang nakatakhang interaksyon ang poppers at mga gamot laban sa HIV. Ganumpaman, ang paglanghap ng poppers matapos uminom ng gamot para sa sexual dysfunction – gaya ng dienafil (Viagra), tadalafil (Cialis) o vardenavil (Levitra) – ay delikado kung umiinom rin ng isang protease inhibitor na kabilang sa mga ginagamit na panggamot sa HIV. Ito'y maaring magbunga ng sakit sa puso at maaring atakihin sa puso.



Ilang bagay na dapat pagukulan ng pansin kung gumagamit ng drogang panlibangan o dormi:

- Sikapang hindi magkahalo ang mga drogang panlibangan at ang mga kagamutang laban sa HIV.
- Kung bago ang sinusubokang droga, inumin munang mag-isa at huwag isama sa pag-inom ng ibang gamot. Ito ang makapagsasabi kung paano ito sa iyong katawan.
- Dahil sa ang mga droga o dormi ay putol o kahalo ng ibang bagay, mahirap alamin kung ito ay puro o mataas ang kalidad. Sa umpisa, subukan muna ang di lalabis sa kalahati ng dapat inuming gamot, mag-antay ng kalahating oras at pakiramdaman kung anong epekto sa iyo, bago inumin ang natitira.
- Iba iba ang reaksyon ng mga tao sa droga. Kung kaya ng kaibigan mo ang isang kumbinasyon ng kagamutan, di ibig sabihing kaya mo rin ito.
- Regular na uminom ng tubig at nang maiwasan ang panunuyo habang umiinom ng droga o dormi.
- Magpahingang mabuti bago pumunta o pagkagaling sa party at bayaang ang katawan at immune system ay makabawi.
- Huwag lalampasan ang pag-inom ng gamut laban sa HIV dahil baka maging dahilan ito ng resistensya sa gamot. Sabihin sa iyong manggagamot kung naiisip mong tigilan o laktawan ang mga pag-inom ng gamot. Kung malampasan mo ang pag-inom ng gamot dahil ikaw ay nakipag-party, inumin kaagad sa lalong madaling panahon.
- Maraming droga o dormi ang malakas magpa-adik at ang regular na paggamit nito ay nagiging sanhi ng pagka dependent rito o pagka-adik. Maraming droga ang nakasisira sa utak at kaisipan. Kausapin ang iyong manggagamot, nars o social worker kung plano mong gumamit ng droga, nang sa ganon matulungan ka nilang mag-ipon ng impormasyon tungkol sa epekto ng mga ito, ang maaring maging interaksyon nito sa mga kagamutang laban sa HIV, at kung paanong makaiiwas na mapasama.

Kung nais ng impormasyon tungkol sa mga drogang panlibangan at kung paanong mababawasan ang masamang hated ng paggamit nito, pumunta sa website at iba pang links ng Canadian Harm Reduction Network at www.canadianharmreduction.com

Copyright @ACAS 2001 & 2006. This fact sheet is produced by ACAS (Asian Community AIDS Services) and is available in English, Chinese (Traditional and Simplified), Tagalog and Vietnamese. Funding for this project is provided by the Ontario HIV Treatment Network (OHTN) and Health Canada. Copies can be downloaded at : www.acas.org/treatment. ACAS provides comprehensive support and case management services for Asian people living with HIV/AIDS; and HIV/AIDS prevention education to the east and southeast Asian Canadian populations in the Greater Toronto Area. ACAS is located at 33 Isabella Street, Suite 107, Toronto, Ontario M4Y 2P7. Tel: (416)-963-4300, Fax: (416)-963-4371 Email: support@acas.org

Legal Disclaimer: While we make every attempt to ensure the accuracy and reliability of information contained in this website/ fact sheet, the information provided here are designed for reference purposes only. These information should not be relied upon as a substitute for medical advice from a qualified professional health care provider and should not be used for diagnosing or treating a condition or illness. Please consult a physician if you have any concerns about your health, treatment regimen and questions related to HIV/AIDS. ACAS, its employees and board members will not be responsible for any loss or harm, however arising, from the use of, or reliance on this information.